# Chapter One

Nakangiting binati ni Kelsey ang bouncer ng bar habang papasok sila ng kaibigang si Mira. Isa itong kilalang bar sa Makati at dinarayo ng mga sikat na personalidad. Hindi sana niya nais pumunta rito ngayon kung hindi lang dahil sa pamimilit ng kaibigan. Broken-hearted na naman kasi ito. Iyon nga lang, kapapasok lang nila ay tila nakalimutan na agad ni Mira ang ex-boyfriend na dahilan ng pagnanais nitong maglasing ngayong gabi.

Maingay at masigla ang crowd na sumalubong sa kanila. Naupo sila sa harapan ng counter and she smiled seductively at Jacob. Kapatid ito ng may-ari ng bar at minsan ay siya ring bartender.

"Hey, beautiful," bati nito.

Si Mira ay agad humingi ng tequilla at bitbit ang baso ay nagsimulang sumayaw sa gilid.

"Heartbroken again," nakangiting imporma ni Kelsey kay Jacob na binigyan siya ng strawberry mojito mocktail. Hindi niya gustong uminom ngayong gabi dahil alam niyang magpapakalasing ang kasama niya. And she's driving.

They had been friends since high school. Kahit nang mag-aral ito sa ibang bansa ay hindi naputol ang komunikasyon nila.

Nang umuwi ito apat na taon na ang nakalilipas ay nagdesisyon silang magtayo ng lingerie shop. Nakapagbukas na ulit sila ng bagong branch noong nakaraang buwan lamang at maganda rin ang pagtanggap ng publiko sa kanilang online shop. Sa ngayon ay nabawi na nila ang puhunan nila at nakaplano na silang magdagdag ng cosmetics.

Only a few people knew about their business and to most people, sila iyong mga anak-mayayaman na walang ginagawa kundi mag-party at mag-shopping lamang. In fact, hindi siya sigurado kung alam ng pamilya niya na stable ang negosyo nila. And she couldn't care less.

Nilinga niya si Mira. She was still drinking

and dancing alone. They're like the sun and moon, opposite poles. Si Mira ang tila anghel at siya iyong snobbish type, katunayan niyan, ito lang ang kaibigan niya. Malaking babae ito. Voluptuous and long haired. Samantalang si Kelsey ay slim at gupit-lalaki. Her pixie hair was dyed depending on her mood. Ngayon ay ombre pink iyon.

Bahagyang umangat ang kilay niya nang makitang may kasayaw na si Mira. Lapitin ito ng mga lalaki and had a tendency to fall in love easily. At bagaman marami na rin siyang relasyong hindi tumagal, gullible si Mira kaya halos buwan-buwan itong broken-hearted.

Napailing si Kelsey nang makitang nagbubulungan si Mira at ang kasayaw nito. Mukhang uuwi siyang mag-isa.

Bumaling siya kay Jacob at humingi ng tequilla. Marahan siyang lumagok bago muling humarap sa dance floor. Her body was gently swaying to the music. Nang pumuwesto ang sikat na dj ay isa siya sa mga tumayo at sumayaw. She was suddenly in the mood to party. And soon enough, Kelsey was dancing to oblivion… enjoying the music and the rhythm of sweaty bodies in the dance floor.

Wala na sa kausap ang atensyon ni Damien. Tila siya nahihipnotismong panoorin ang babaeng tila may sariling mundo sa dance floor. Her pink pixie hair was reflecting the lights. Ang suot nito ay black cropped tank top revealing a small waist, and black skinny jeans. Sa isang kamay nito ay ang baso ng alak. Her hips swayed seductively to the beat of the music. She was either intoxicated or just enjoying herself.

Bahagyang kumunot ang noo ni Damien nang mapansing tila pamilyar ito.

"Perfect a*s..." komento ni Dash. Kasama niya itong dumating sa bar matapos ang meeting nila sa kalapit na restaurant. "I wonder if her face is as perfect."

Saglit lang niyang nilinga ang kaibigan upang tiyaking iisang babae ang tinitingnan nila. At hindi niya maipaliwanag ang tila pagkainis dahil nakuha rin ng babae ang atensyon ng katabi niya. Tila agad ay nais niyang ipagdamot ang babaeng ni hindi niya kilala.

*Look this way*, he silently commanded at the woman.

Lalong nadagdagan ang kunot ng noo ni Damien nang makitang tumigil ito sa pagsasayaw at lumapit

sa isang parehang nagtatalo. Pumagitna ito sa dalawa at itinulak ang lalaki na tila lasing na. Wala sa loob na napatayo siya at napahakbang palapit nang umakto ang lalaking susugod sa dalawang babae.

One minute she was dancing, and on the next, she opened her eyes and saw the guy groping Mira. Hindi sana siya makikialam ngunit nakita niyang itinutulak ito ni Mira at walang ibang nakapansin. Mabilis siyang nakalapit at pumagitna sa dalawa. Malakas niyang itinulak ang lalaki, na dahil marahil ng kalasingan ay halos matumba.

"What do you care, b*tch!" galit na singhal nito.

"You're groping my friend at may palagay akong hindi niya 'yan nagugustuhan," sagot niyang hindi natigatig.

"Your friend is a slut," sabi nito na dumura pa.

"Excuse me!" malakas na asik ni Mira na namaywang.

"You're an a*shole," sambit niya. Hinayon niya ng tingin ang bouncer na palapit na sa kanila.

"B*tch." Pasugod ang lalaki. Hindi agad makasingit ang bouncer palapit sa kanila at inihanda niyang ipagtanggol ang sarili. Bahagya siyang umiwas nang akmang hahatakin ng lalaki

ang braso niya. Pero bago iyon lumapat sa kanya ay malakas itong nahila ng isa pang lalaki mula sa likuran. Pinilipit ng bagong dating ang braso ng bastos na lalaki.

"Don't. Ever. Touch her," he hissed. She couldn't believe the possesiveness she sensed in his voice.

"I got this, man," sabi ng isa pang lalaki. Kinuha nito ang estrangherong kasayaw kanina ni Mira at ipinasa sa bouncer na nakalapit na. "Sorry about that, ladies," ani Jacob.

"No problem." Ngumiti si Kelsey bago bumaling sa lalaking nauna nang dumalo sa kanila upang magpasalamat.

This guy was definitely not the bouncer. Tall and broad-shouldered in a leather jacket. He had straight brows, his eyes dark and menacing, plus strong straight nose and thin lips with just a hint of cruelty.

Bahagya siyang napaurong. She was suddenly intimidated. His presence was like a warm light enveloping her, overwhelming her.

"Damien!" tawag ni Mira na agad yumakap sa lalaking nagtanggol sa kanila. Mula sa mukha niya ay atubiling bumaling ang tingin ng lalaki sa kanyang kaibigan. Tila bigla siyang nangulila sa atensyon nito. She wanted those eyes on her.

"Mira?" His voice was deep and sexy. "What were you doing with that a*shole?"

Kelsey scoffed, at muling bumalik sa mukha niya ang tingin ng lalaki.

"Hindi namin siya kilala, I was just dancing," paliwanag ni Mira. "By the way, this is my friend, Kelsey." Binawi niya ang tingin sa lalaki at bumaling sa kaibigan. "Kelsey, this is Damien. Inaanak siya ng Mommy."

"Hi. Kelsey Olivares." Inilahad niya ang kamay sa lalaki. Sandaling kumunot ang noo ni Damien bago iyon tinanggap. His hand was warm and strong.

Tila nakuryenteng agad niyang binawi ang palad. Hindi niya maipaliwanag ang pakiramdam sa presensya nito. She had met a lot of guys but this one seemed different. Her senses felt alive with just his presence.

"And I'm Dash," singit ng isang lalaki mula sa likod ni Damien. He's shorter and his face was friendlier.

"Kelsey..." Bumaling siya sa kaibigan. "My friend, Mira."

"Wanna join us at our table?" alok ni Dash. He was looking at Mira. And oh, she knew that look.

"Sure thing," sagot ni Mira na agad sumunod kay

Dash. Akmang susunod siya sa mga ito nang pigilan siya ni Damien. Muli ang tila kuryenteng nanulay sa kanyang katawan.

"You wanna dance?" She smiled seductively. Iyon ang naisip niyang paraan upang labanan ang nakalilitong pakiramdam sa presensya nito. Sinusubukan niyang ibalik ang confidence na tila kay daling binuwag ng binata. She's Kelsey Olivares, for pity's sake, boys bow at her feet!

Inilapat niya ang kamay sa dibdib ni Damien. His chest was broad and hard. Well, he was definitely not a boy she could toy with.

Pinagsalikop niya ang mga kamay sa batok nito sa kabila ng bahagyang alinlangan at sinabayan ang maharot na tugtog. Her breast was pressing against his chest. "'Wanna get out of here?" she asked boldly. He must like his women confident. She felt crazy wanting to impress the man.

"Are you always this..?"

"Sexy?" dugtong niya sa tanong nito.

"No, I was about to say… slutty," he said drily. "You're dry-humping me, sweetheart," bulong nito sa tenga niya.

Agad siyang lumayo rito. "How dare you," napapahiyang sabi niya.

"You thought I was into you?" He laughed sarcastically and boy, he's really attractive. Hindi niya iyon itatanggi. "I hope I'm not giving you mixed signals." His eyes bored into hers.

Pilit siyang ngumiti. "Of course not…"

"You're beautiful and sexy… but I'm not into easy lays."

That did it. Malakas niyang tinapakan ang paa ni Damien at nang bahagya itong mapayuko ay dinampot niya ang baso at ibinuhos sa ulo nito ang natitirang laman niyon. "I think you need that."

Mabilis siyang tumalikod at pinuntahan si Mira.

Damien chuckled softly bago kinuha ang panyo at pinunasan ang sarili. He deserved that. Kilala niya ang babae at ang pamilyang pinagmulan nito. At sinadya niyang insultuhin ito upang pagtakpan ang atraksyong kanyang nadarama.

She's perfect. Hindi sapat ang mga larawan upang bigyang-hustisya ang ganda nito. From her almond eyes, slightly upturned nose, full lips and creamy skin, she's a sight to behold. Kelsey Olivares, ang anak na babae ng mortal na kakompetensya ng papa niya.

Unlike her brother Kevin, ngayon lang niya

nakita nang personal ang dalaga. But he heard rumors about her—her visits to the psychologist when her mother died, her stiff relationship with her dad and brother, her string of ex-boyfriends.

She's the typical party girl. At iniisip niyang kung anuman ang atraksyon na nadarama niya para rito ay natural lamang. She's as sexy as sin. Ngunit hindi ibig sabihin ay aaksyunan niya ang atraksyong iyon. He's smarter than that.

At lalo lamang niyong gagawing kumplikado ang kompetisyon ng kanilang mga magulang. When his father started a trucking company last year, nakisosyo ang ama ni Kelsey sa kalaban nilang trucking company. Halos nakuha nito ang buong Luzon dahil doon. Ang orihinal na negosyo ng pamilya nito ay ilang bakeshops. Na una nang kinumpetensya ng papa niya at tinalo. His father acquired some coffeeshops na mayroong sariling mga bread and pastries.

Their competition was endless, from trivial to crucial. Ngayon ay isang telecom company ang pinag-iisipang bilhin ng kanyang ama. At hindi siya magugulat kung subukan din iyong bilhin ng ama ni Kelsey. That's why they were tring to keep things hushed.

Minsan ay napapagod na rin si Damien sa kompetisyong ni hindi niya alam kung ano ang pinagmulan. His mother said, his dad and Mr. Olivares used to be the best of friends. Nang tanungin niya kung ano ang pinagmulan ng away ng dalawa ay hindi rin iyon malinaw sa nanay niya.

Humakbang siya pabalik sa mesa at naabutan si Kelsey na pinipilit ang kaibigan na umuwi. Mira and Dash looked cozy sitting close together, at nang padabog na naupo ang dalaga sa katapat na upuan, malinaw na ayaw pang umuwi ng kaibigan nito.

Pang-apatan lang ang mesa at magkatabi na sina Dash at Mira sa two-seater couch. Naupo siya sa tabi ni Kelsey na nakasimangot pa rin. Inirapan siya nito nang tapunan niya ng sulyap.

"I thought you two were dancing?" ani Mira. Ninang niya ang mommy nito and she was more of his type, ngunit hindi niya mabalewala ang atraksyon sa babaeng katabi.

"I was a mood-killer," matabang niyang sagot saka ininom ang natitirang alak.

He heard Kelsey scoff.

"What's wrong, bro?" untag ni Dash. Ang isang kamay nito ay nakaakbay na kay Mira. It seemed one of them would get lucky tonight. "You were eyeing

Kelsey earlier…" tudyo nito.

"I changed my mind. I'm gonna call Veron later."

Namilog ang mga mata ni Dash. "Oh,Veron." Napailing ito.

"So, is this Veron your girlfriend?" tanong ni Mira.

"She is his…" Tumatawang tila nag-isip pa si Dash. "Comfort woman." Tila aliw na aliw ito sa naisip na salita.

"And I thought you don't want an easy lay?" Nanunuya ang tono ni Kelsey.

"And you're bothered? Are you jealous?" aniyang sinulyapan ito. She was still beautiful despite her sour mood.

"Of course not…" Humalukipkip ito. Tila ito batang nagtatampo at hindi niya napigil ang maliit na ngiti.

"Veron is my on-call masseuse. You look jealous, baby. Admit it, you want me…" bulong niya rito, purposedly licking her earlobe. He couldn't help it despite the warning signals. He couldn't explain why he was so drawn to her… like a moth to the fire.

"In your dreams…"

"Yeah, in my dreams where I can f*ck you in abandonment… all night long, till we can't walk

anymore." His voice was low.

Marahas na suminghap si Kelsey at bahagyang lumayo sa binata. He was really sending mix signals. Kanina lamang ay ininsulto siya nito, nang bumalik ito sa mesa ay tila ayaw siyang tingnan at binanggit pa si Veron na tila babae nito. And now, he clearly wanted her.

Hiling lang niya ay hindi mapansin ni Damien ang epekto nito sa kanya—na nagtatayuan ang mga balahibo niya sa braso sa pagkakadikit nila at sa mga sinasabi nito.

She crossed her legs, and he chuckled. Tila nahuhulaan nito ang damdaming dulot ng mga salita nito. At salita pa lang iyon.

Bago pa siya makaisip ng matalinong sagot ay may tumawag na sa kanya.

"Kelsey!" Madilim ang anyo ng kapatid habang nakatingin sa kanila ni Damien.

"Kevin…" Hindi siya sanay na tawagin itong kuya because he's only a year older than her. Agad itong lumapit at hinaklit ang kanyang braso para pilitin siyang tumayo.

Tumayo rin si Damien na higit ang taas kay Kevin. "You're hurting her."

"Wala kang pakialam," galit na asik ni Kevin at inilayo siya sa mga ito.

"What's wrong?" Hinaplos niya ang brasong hinila ng kapatid. "Kelan ka pa nagkaroon ng pakialam sa akin?"

"I don't really give a damn, my dear sister. You can whore yourself to every man in this club, except to that man." Matalim nitong sinulyapan si Damien na nakatingin din sa kanila.

"Magkakilala kayo?"

Sarkastikong tumawa ang kapatid. "You should know him."

"Damien?"

"Damien Sommers Laurenti."

Her head snapped back to Damien. He raised his shot glass to her brother.

"The Laurenti's?"

"Exactly," anang kapatid. "Let's leave now."

"I can't. Kasama ko si Mira…"

"I think she can go home on her own." Hinayon ng tingin ng kapatid ang puwesto ng kanyang kaibigan. Dash was kissing Mira. "Magpaalam ka na and make it quick. I'll wait outside."

"May emergency si Kevin, I have to take him home," sabi niya matapos tumikhim. She refused to

meet Damien's mocking eyes.

"Is he okay?" tanong ni Mira.

"Yeah, just… a flat tire."

Damien smirked.

"I'll take Mira home," boluntaryo ni Dash.

"Okay, thanks." Tumalikod na si Kelsey. Palabas na siya ng club nang maabutan ni Damien.

"What a lame excuse…" anitong pinigilan ang braso niya.

"So, alam mong anak ako ni Robert Olivares." Hindi tanong iyon. "You think that's enough reason for all your insults?" Tumaas ang gilid ng labi ng binata ngunit hindi sumagot. Namaywang siya at dinuro ang dibdib nito. "That's lame."

Marahas siyang hinapit ni Damien. "But this won't be lame," bulong nito, at bago pa niya mahulaan ang tinutukoy nito ay bumaba na ang mga labi nito sa mga labi niya—kissing her fully, sensually. She responded immediately and their tongues mated heatedly.

"Kelsey!" malakas na tawag ni Kevin.

She guiltily stepped away from Damien. Nilingon ng binata ang kanyang kapatid and an insulting smile appeared on his lips.

"The kiss was a show for my brother," she

realized.

Nagkibit-balikat si Damien. "You're Kelsey Olivares. And I'm a Laurenti," sabi lang nito bago humakbang papasok sa club.

# Chapter Two

Inis na ibinaba niya ang tablet sa mesa. “Bastard,” sambit ni Kelsey.

Mira smiled knowingly at dinampot ang tablet. Naikuwento na niya rito ang nangyari sa kanila ni Damien sa club.

“That was almost a month ago, move on,” anito nang makita ang nasa tablet. Nasa balita si Damien bilang partner ng *TALK*, isang bagong telecom company sa bansa. Sa bisig nito ay may nakaabrisyeteng babaeng mukhang modelo.

“Of course I’ve moved on,” sagot niya.

She’s dating Nico now, a dentist. And Mira’s still dating Dash, na pinakamatagal sa mga nakarelasyon nito. And for a while, she thought she was going to

see more of Damien because of Dash.

"Naisahan lang kasi ako ng lalaking iyon at hindi man lang ako nakaganti," paliwanag niya.

She wanted to believe that dahil hindi niya kayang aminin sa kaibigan kung paano niya ini-stalk ang binata sa social media.

"Naisahan ka, or should we say, you offered yourself and he declined with insults."

Sumimangot siya at lalong lumuwang ang ngiti ng kaibigan.

"Ano'ng balita sa *Tinted*?" tanong niya para ilihis ang usapan. Lipstick line iyon na nakatakda nilang i-launch sa susunod na buwan.

"We're exceeding our budget," turan ni Mira.

"Akala ko na-review mo na ulit?" Hindi niya gustong mag-panic.

Napapahiyang ngumiti ang kaibigan. "Nag-exceed tayo sa promotions. Masyadong mataas ang hinihingi ng model." Pareho nilang pinili ang modelong iyon at hindi nila gustong palitan.

Nangalumbaba si Kelsey. "Maybe I can ask Papa."

"Sure ka?"

"Sabihin ko kayang bibili ako ng sasakyan?"

"Bakit ba hindi mo na lang sabihin sa papa mo ang tungkol sa business natin?" suhestyon ng

kaibigan.

Napailing siya. Minsan na niyang sinubukang sabihin sa ama ang tungkol sa negosyong naitayo nila, ngunit hindi nito sineryoso iyon. Tila mas gusto nitong paniwalaan ang mga naririnig na balita tungkol sa walang katapusang parties na dinadaluhan niya. Bukod pa sa mas gusto nitong tulungan niya ang kapatid sa mga negosyong pinasok nito.

"I'll try," sabi na lang niya.

Ibinalik niya ang cellphone sa clutch nang huminto ang sasakyan sa isang sikat na restaurant.

"We're here," anang papa niya. Binigyan nito ng perang pangtanghalian ang driver bago bumaba ng kotse. Nagpunta siya sa opisina nito upang humiram sana ng pera para sa business nila ni Mira ngunit naabutan niyang mainit ang ulo nito. She ended up asking him out for lunch, instead.

She straightened her red figure-hugging dress after getting out of the car. Close-necked iyon at mahahaba ang sleeves ngunit backless at may mataas na slit sa gilid. Ang katerno niyon ay pulang sandalyas.

Papasok na sila ng restaurant nang matigilan

ang kanyang kasama.

"The Laurenti's are here," anito.

"So?" Nagsasawa na siyang marinig ang mga reklamo nito sa mga Laurenti. Iyon din ang dahilan kung bakit solo siyang naninirahan sa condo sa Ortigas at nagtayo ng sariling business, sa halip na pamahalaan ang mga negosyong itinayo nito. Or more like, makigulo sa mga ito.

"I wonder kung sino ang ka-meeting nila," anang ama. Bahagya itong kumubli sa poste. Alanganing napakubli rin siya.

"Pa, we look suspicious here. Malamang nagla-lunch lang din sila." Bahagya siyang tumuwid nang makitang tinitingnan sila ng guard.

"Show some support to our family," may galit na sita nito sa kanya. "Hindi 'yong lumalabas ka pa kasama ang anak ng kaaway?"

"You mean Damien?" Alanganin siyang sumilip sa loob ng restaurant.

Binalingan siya ng ama. "Yes. Kevin told me. Ano'ng iniisip mo para makipagmabutihan sa kaaway?"

"Pa… we're not dating if that's what you're thinking. Nagkataon lang na nagkita kami sa club na iyon. Ni hindi ko nga alam na Laurenti pala siya."

"And he used it against you." Muli itong sumilip. "Let's get inside, mukhang palabas na sila."

Wala sa loob na sumunod siya sa malalaking hakbang ng ginoo. Sa pagmamadali ay bahagyang tumabingi ang takong niya at napauklo siya. And when she straightened, she came face to face with Damien. Inalalayan siya ng binata para makatayo nang diretso.

"Thanks, I'm okay." Ipinagpasalamat niyang hindi siya nautal. Hindi siya magugulat kung maririnig ng binata ang malakas na tambol ng dibdib niya. In the light of day, his eyes were blue like the sea. Interesting.

She felt stupid gaping at him.

"Stupid shoes," he muttered matapos siyang hagurin ng tingin.

Bago pa siya nakasagot ay tumikhim ang papa niya.

"Robert…" sabi ng may-edad na lalaking nasa likuran ni Damien. Malaki ang pagkakahawig ng dalawa at nahuhulaan niyang ito ang ama ng binata. At ang may-edad na babaeng katabi nito ang ina ni Damien. Kulay-mais ang buhok ng huli at asul ang mga mata. Mabait ang bukas ng mukha nito.

"Fernan…" anang papa niya.

"Is this your daughter?"

"Yes, Sir. I'm Kelsey," sambit niya nang tila walang balak sumagot ng ama. Inilahad niya ang kamay sa matandang lalaki.

"Fernan Laurenti," anito.

Nang iabot niya ang kamay sa ginang ay maluwag siyang niyakap nito at hinagkan sa pisngi. "Margaret," pakilala nito sa sarili. "And you've met our son?"

Muling napabaling ang tingin niya sa binata. His eyes were boring into hers. "Yes, once."

"Let's go, Kelsey," tawag ng papa niya na nagpatiuna na patungo sa nakareserbang mesa.

"Please excuse us," paalam niya bago sumunod sa ama.

Damien once again gave Kelsey a fleeting glance bago tuluyang lumabas ng restaurant. Hindi gaya sa club, this time her hair is caramel brown with blonde highlights. And she's breathtaking as ever.

Her dress hugged her figure perfectly and it took a lot of effort for him not to stare. Alam niyang lumalabas pa rin sina Dash at Mira at hindi miminsang inimbitahan siya ng dalawa na mag-lunch or dinner. At sigurado siyang madalas kasama

si Kelsey roon kaya panay ang iwas niya. Hindi na niya gustong makita ang dalaga. He was feeling less in control in her presence. Not to mention, the strange emotions she brought to him.

"Pretty little thing," komento ni Fernan nang makasakay sila ng sasakyan. Dinaanan siya ng mga ito sa opisina para magtanghalian.

"Hmm. She seems nice," segunda ng mama niya. Italian-American ito. "Where did you two meet?"

Hindi niya gusto ang tila pupuntahan ng usapan. "In a club." Muli niyang nilingon ang restaurant na tila matatanaw pa ang dalaga, bago nagmaniobra palabas. He wanted to see her one more time. "And, Ma, she's not my type, okay."

*Yes, get laid and get over it, man.*

His father chuckled. "Walang sinasabing ganoon ang mama mo."

"And she's an Olivares," matabang niyang sagot.

His father turned serious. "Why not…?"

"What do you have in mind?"

"A Laurenti and Olivares merger…"

He scoffed. "As if papayag si Robert o si Kevin."

"Puwede namang hindi nila agad malaman…"

Nagtatanong ang mga matang nilingon niya ang ama.

"Make her fall in love with you, at siya mismo ang magbibigay sa iyo ng merger. She's beautiful, it won't be hard for you."

Sumingit ang ina sa likod. Bagaman hindi ito masyadong nagta-Tagalog ay nakakaintindi ito niyon dahil sa tagal ng paninirahan sa bansa. "I don't think that's a good idea."

"Why not? It's not really a bad idea. Once and for all, matatapos ang kompetisyon natin sa mga Olivares," sabi niya.

"Well, you two might really fall in love with each other." Her mother smiled wistfully.

"I won't." Not with that particular woman.

Matapos ihatid ang mga magulang sa bahay ay sandali pa silang nag-usap ng kanyang ama. And the more they talked about the possibility of a merger, the more it sounded appealing.

Agad niyang tinawagan si Dash. Ito ang Operations Head ng mga coffeeshops nila.

"What's up, boss?" bungad nito.

"Where are you?"

"Nasa office lang."

Tumikhim si Damien. "Wala ba kayong lakad ni Mira?"

"Bakit bigla kang interesado?"

"Wala lang, naisip ko lang lumabas."

"Baka sa *Hot Shots* later," tukoy nito sa club kung saan nito nakilala si Mira. At si Kelsey.

"Is Kelsey—"

"S'abi ko na, eh!" palatak ni Dash. "Paiwas-iwas ka lang kunwari." Hindi niya gustong kontrahin ang kaibigan. Mas magandang wala itong alam sa napag-usapan nila ng papa niya. It was partly true though. "Hindi na ba problema kahit Olivares siya?"

"It's her dad and her brother's problem…"

"Sige, I'll ask Mira to invite Kelsey. Kaso ang alam ko, may dini-date na dentista si Kelsey ngayon."

"Is it serious?" May nakapa siyang bahagyang inis.

"I'm not sure. Baka lang kasi kasama niya mamaya."

"That will be a bummer."

"Tinatamad ako…" ani Kelsey na nakahiga at kausap si Mira sa cellphone. "Saka wala akong kotse, nasa casa."

Regalo pa ng papa niya noong graduation ang sedan niya at hindi niya gustong humingi ng bago.

"'Andito na kami, sis. Malapit lang naman 'to, mag-taxi ka na lang." Narinig niya si Dash na may

sinasabi sa kaibigan niya. "Susunduin ka na lang daw."

"I'll ask Niko kung available siya..." May pakiramdam siyang tatanggi ang lalaki. He's a dentist at nakilala niya sa mismong clinic ng kapatid nito na siyang dentista niya. At bagaman ilang beses na silang lumabas at nagpahiwatig ang binata ng mas malalim na level ng relasyon, malinaw niyang sinabi noong huling labas nila na hindi siya interesado. Walang spark, eh.

A familiar image formed in her mind, sending all the sparks that could light the New Year's eve.

Napailing si Kelsey. Marahil ay nagma-mature na rin siya nang konti para hindi patulan ang halos lahat ng lalaking nagpapakita ng interes sa kanya. Finding her one true love, that's the reason why she had a trail of ex-boyfriends and a bad reputation.

"Magbihis ka na, sis. Susunduin ka na lang. Kung darating si Niko, sa kanya ka na lang magpahatid pauwi."

She yawned. "Okay..."

Tinapos niya ang usapan at naghanda na sa paglabas.

Ang inilabas niyang damit ay tube dress na moss green. Itinabi niya rito ang itim na leather jacket.

Matapos iyon, tinungo na niya ang banyo upang mag-shower. Nasa kalagitnaan siya ng paliligo nang marinig ang malakas na katok.

Mabilis niyang isinuot ang roba at lumabas upang papasukin sina Mira at Dash. Tunay ang pagkagulat niya nang mapagbuksan si Damien. Tall and brooding in a black shirt and black ripped jeans. Ang maong jacket nito ay nakasampay sa balikat.

"Aren't you going to invite me in?" tanong nito matapos siyang hagurin ng tingin.

"Sina Mira?"

"Nasa club. Ako ang sundo mo." Damien chuckled. "That sounded creepy. I meant, ako ang maghahatid sa 'yo sa club."

She smiled hesitantly. This man is a complex being. Ilang beses na siyang sinungitan at ininsulto nito. Pero ngayon, tila maganda ang mood at nagbibiro pa. But good or bad, he had the same effect on her. Niluwangan niya ang bukas ng pinto.

"I'm taking a shower—"

"Is that an invitation?" Tumaas ang kilay ng lalaki kasabay ng nanunudyong ngiti.

"No, of course not!" Hinapit ni Kelsey ang roba nang maglakbay ang mga mata ng lalaki sa katawan niya. "I meant, make yourself comfortable while I'm

in the bathroom. Maybe you want coffee, tea?"

"Or you?"

She blushed. "Or juice." Pinapormal niya ang mukha. Hindi niya gustong mapahiya muli. Balewalang ngumiti lang ang binata sa kapormalan niya.

"Go on, I'll just sit here." Naupo ito sa sofa at dumampot ng magazine. Muli siyang nilinga nito nang manatili siyang nanonood dito.

Mabilis siyang tumalikod pabalik sa banyo.

Natigilan siya nang mapatingin sa salamin sa banyo. Dahil hindi naman siya nagtuwalya kanina bago lumabas at basta lang isinuot ang roba, ang manipis na tela niyon ay nakayakap na sa katawan niya. At sa basang bahagi sa dibdib niya ay nakabakat ang nipples niya. She smiled, remembering how Damien's eyes lingered heatedly on her body.

Napailing siya nang maalala ang mga insulto ng binata. He would have a dose of his own medicine. At sisiguraduhin niyang sa pagkakataong ito, ang lalaki na ang mapapahiya.

Itinapis lang niya ang tuwalya nang lumabas ng banyo. She smiled inwardly nang tila sandaling natulala sa kanya ang binata.

"I'll be quick," paalam niya bago tuluyang

pumasok ng kuwarto. Matapos magbihis ay naglagay siya ng pabango sa pupulsuhan at sa likod ng tenga. Isinuot niya ang high-heeled ankle boots bago dinampot ang purse at lumabas sa sala. Ang jacket ay isinampay lang muna niya sa balikat.

Abala sa cellphone ang binata at tila bahagya pang nakakunot ang noo. Tumayo siya sa harapan nito at tumikhim. Nag-angat ito ng paningin at pinasadahan siya ng tingin.

"Ready?" tanong ni Damien kasabay ng pagtayo.

Bahagya siyang napaurong sa liit ng espasyo sa pagitan nila ngunit hinapit ng lalaki ang beywang niya palapit. Closing the distance, molding her body to his. "What are you doing?"

"Wala pa 'kong ginagawa…"

Bahagya niya itong itinulak. "Sorry, but no thanks." Umangat ang kilay nito. "Hindi na ako interesado."

"Your eyes tell me otherwise. Ipinapahiya mo lang ang sarili mo sa pagsisinungaling mo."

"You're imagining things." Muli niya itong itinulak at bahagyang lumayo rito.

"I don't think so…"

Napasinghap si Kelsey nang muli siya nitong hapitin kasabay ng pagbaba ng mga labi sa labi

niya. The kiss was explosive like the first time. His lips were warm and demanding. Soon enough, she was kissing him with the same passion. She moaned softly when he delved his tongue inside her mouth. Umangat ang kanyang mga kamay sa balikat at buhok nito, while his hands moved on her back. Is this just a physical attraction? Because she never thought it would feel this good.

"Damien…" she protested when his mouth left hers. Bumaba iyon sa leeg niya patungo sa kanyang balikat kasabay nang pagtaas sa mini dress niya. Hinila siya nito pakandong dito. Ang mini dress niya ay naitaas na nito hanggang sa beywang habang patuloy ang paghalik sa balikat at punong dibdib niya.

Nang tila hindi makontento ay mabilis nitong ibinaba ang tube dress niya. Nais niyang ma-conscious nang ilang sandaling nakatitig lang si Damien sa hubad niyang dibdib. May built-in padding ang dress at hindi niya kailangang magsuot ng bra.

"Perfect," anas nito. His eyes turned a shade darker. Muling hinagkan siya nito habang ang isang kamay ay magaang na nagmamasahe sa dibdib niya.

Napaigtad si Kelsey nang maramdaman ang

isang kamay nito na hinahawi ang panties niya. His finger caressed her slit before probing deeper. Napaungol siya kasabay ng paghigpit ng mga kamay sa balikat nito. Nang tuluyan nitong angkinin ang dunggot ng dibdib niya ay hindi na niya napigil ang malakas na ungol. Marahan niyang naigalaw ang balakang sa ritmo ng masarap na pananalakay ng daliri ng binata.

"Damien…" may hingal na bulong niya. Pleasurable sensations were rushing in.

"I have a proposition for you," bulong nito sa tenga niya kasabay ng paghinto ng daliri sa kaangkinan niya.

Nalilitong nagmulat si Kelsey ng mga mata. His eyes were almost sinister.

"What? Why did you stop?"

"I have a proposition for you…" ulit nito.

"Ano… Ano iyon?" Tila tuyong-tuyo ang kanyang lalamunan. Bihis na bihis pa ang lalaki, samantalang siya ay halos hubad na.

"You want me." Tumaas ang sulok ng labi nito. "At napatunayan ko na iyon." Inayos nito ang panties niya at itinaas ang tube niya.

"Bastard," she hissed when she realized his intention. Nagmamadaling umalis siya sa kandungan

ni Damien.

Kung konsolasyon mang matatawag, hindi maipagkakamali ang erection nito, and he's hard as a rock.

Ibinaba ni Kelsey ang palda ng bestida. "Get out." Humakbang siya patungo sa pinto upang buksan iyon.

# Chapter Three

Balewalang tumayo si Damien. "Hindi mo ba gustong pakinggan ang proposition ko?"

"Do I look interested?" sarkastikong tanong ng dalaga.

"Well, sa paraan ng pagtugon mo kanina lang, malamang maging interesado ka."

"I hate you."

"Would you like me to prove otherwise?" He stepped closer. "Again?"

Her shoulders dropped. "Ayoko nang makipagtalo sa 'yo. You've proven your point." Damien smiled triumphantly. Itinaas niya ang mukha. "But just because you're an attractive man and an expert lover, hindi ibig sabihin ay hindi ko

puwedeng maramdaman sa iba ang atraksyong iyon. I'm horny, so what? Hindi ikaw ang nag-iisang lalaking puwedeng magparamdam n'on." She felt triumphant when his eyes darkened. Hindi niya gustong mapahiya na naman dito.

"Sisiguraduhin kong hindi mo hahanapin iyon sa iba kapag tinanggap mo ang proposition ko." Hinaklit ni Damien ang braso niya. Tinangka niyang hilahin iyon ngunit nabigo siya. Sigurado siyang mamaya lamang ay magkakamarka na iyon.

"I'm not interes—"

"Marry me, Kelsey," putol nito.

Hinila niya ang braso na pinakawalan naman nito. She laughed.

"So after all the insults you hurled at me, it turned out you want me?" sabi niya.

"Not you," matabang na sagot nito. "I want the Laurenti-Olivares merger."

She stopped laughing. "Please leave." Tuluyan na niyang binuksan ang pinto.

"Think about it, Kelsey. Halos walang ipinagkaiba ang linya ng mga negosyo ng pamilya natin. Tatapusin natin ang matagal nang alitan ng pamilya at ibibigay ko ang lahat ng kailangan mo. You'll live comfortably for the rest of your life." He smirked. "The sex will

be a bonus. And it will be mindblowing."

Hindi niya pinansin ang nanulay na init sa katawan niya dahil sa tila pangakong binitiwan ng binata.

"Never," may galit na singhal niya bago ito tuluyang lumabas ng condo unit niya.

Nanlalatang naupo siya sa sofa. Nang ma-realize na halos naipagkaloob niya ang sarili kay Damien sa puwestong iyon ay tila nakuryenteng tumayo siya.

Binuksan niya ang ref at kumuha ng tubig bago naupo sa dining chair.

"Stupid, stupid," asik niya kasabay ng pagduro sa sentido.

Hindi iba si Damien sa pamilya niya. Her father only cared about their business… lalo na noong mamatay ang mama niya. Lalo nitong inilubog ang sarili sa negosyo—acquiring more than they needed, forgetting about her.

Nang mamatay ang mama niya ay ilang buwan siyang nagpabalik-balik sa psychologist dahil wala siyang makausap. And it felt so pathetic na kailangan niyang bumayad ng isang propesyonal para lamang may makinig sa mga problema niya, sa mga normal na pinagdadaanan niya bilang anak na nawalan ng ina, sa mga araw-araw na pangyayari sa buhay niya.

At nang lumipas ang panahon niya ng pagluluksa, she started partying all night. It was endless. And tiring.

Ngunit hindi siya pinabayaan ni Dra. Agnes, her counselor. Kahit noong tumigil na siyang pumunta rito ay tinatawagan pa rin siya nito at kinakamusta. Ito pa mismo ang bumibisita sa kanya. They had become closer.

Hiwalay ito sa asawa at may isang anak. Noon lamang isang taon ay kinuha na ito ng anak upang manirahan sa Switzerland. She was sad, again. But was able to hide her loneliness and learned to cope. Lalo at nakakausap niya na si Mira.

Nang itayo nila ni Mira ang *Bare and Bold*, ang kanilang lingerie shop, isa si Dra. Agnes sa mga sumuporta sa kanila. Hindi na niya inaasahan pa ang suporta ng sariling pamilya. Noong sinubukan niyang ipaalam iyon sa kanyang papa ay tila kapritso lamang ang tingin nito sa negosyo nila.

Sa pagdaan ng panahon ay tila nakalimutan na nito na may business sila ni Mira. Tanging mga shopping sprees, clubbings, at parties na dinadaluhan niya ang natatandaan nito. Mas hinihikayat siya nito na tulungan si Kevin sa pamamahala ng negosyo nila.

And her brother was just like their father. He was trained to be like him. Sa kabila ng magkalapit na edad nila, hindi sila malapit. Sa isang exclusive school for girls kasi siya pinag-aral ng ama at tumuloy sa dormitoryo sa loob ng maraming taon. Nang makapagtapos siya ng pag-aaral, si Kevin naman ay nasa ibang bansa upang mag-masteral. Nang bumalik ito ay napakalayo na ng panahong hahabulin nila. At pareho na silang kulang sa effort para tawirin ang mga nawala.

And Damien was just like the men in her family. He only cared about the business. And now, a merger? Gaano ba karaming pera ang kailangan ng tao? Madalas niyang naririnig na importante ang pamilya, ngunit ang mga taong nakapaligid sa kanya ay tila hindi pinahahalagahan iyon.

Well, except Mira. She has a loving family. Marahil dahil iisang anak lang ito. At madalas, sa piling ng pamilya nito niya ipinagdiriwang ang mga okasyong dapat ay pinagsasaluhan nila ng sarili niyang pamilya.

Kung nabuhay lang marahil ang mama ni Kelsey, baka hindi naging malayo ang loob niya sa papa at kuya niya. Her mother could keep them together. Hindi gaya ngayon, they're related but still strangers.

And that fact could still hurt her.

At kung iniisip ni Damien na makatutulong ang merger sa kanila, he's bloody wrong. Kung sakali, matutulad lang ang magiging relasyon nila sa relasyon niya sa ama at kapatid. And she's wiser than that. Gaano man kalakas ang atraksyon sa pagitan nila, her answer would always be a 'no.'

Nagulat siya nang mag-ring ang kanyang cellphone. Saglit pa niyang hinanap kung nasaan iyon bago sinagot.

"Akala ko pupunta ka, ayaw mo bang si Damien ang sumundo sa 'yo?" tukso ni Mira.

"Nakabalik na ba siya riyan?" balik-tanong ni Kelsey.

"Tumawag lang na hindi na rin siya pupunta. He seems to be in a bad mood. Ano ba'ng nangyari?"

"Tinamad lang ako, nagbago ang isip ko."

"Hmm. Tell me about it." Halatang hindi ito naniniwala sa kanya.

Reluctantly, she told her what happened. Maliban siyempre sa muntik nang namagitan sa kanila ni Damien. Ilang sandaling natahimik ang kaibigan.

"Palagay ko, may punto siya. You should think about his proposition."

"Alam mo ang relasyon ko sa pamilya ko. Sa palagay mo ba, gusto ko ng panibagong relasyon na ganoon din?" mapait niyang sabi.

"The attraction between you two is undeniable. You can't fool anyone. Para kayong apoy at gasolina kapag naglalapit. The spark is unquestionable. Malay mo…"

She laughed without humor. "It's purely physical attraction," kontra niya.

"At lahat naman halos, nagsisimula sa physical attraction. Call it shallow, but would you have notice him if he's bald and old?"

Natawa si Kelsey. "I still think saying 'no' to him is one of the best decisions I've made."

Wala siyang anumang obligasyon kay Damien. But why was a part of her aching to reach out to him?

"Well, whatever decision you make, alam mong susuportahan kita."

"I know, and thank you. Enjoy ka na riyan at matutulog na ako."

Nagpaalam na rin ang kaibigan

But she was not able to sleep. And when she succumbed to unconsciousness, images of Damien filled her dreams.

Nang magkita sila ni Mira kinabukasan sa shop ay masama ang pakiramdam niya dahil sa puyat. Hinihilot ni Kelsey ang sentido nang pumasok itong muli at inilapag ang folder sa harapan niya.

"Ayaw pumirma ng model…" sabi nito.

"Bakit daw?"

"Na-cast siya sa isang sikat na teleserye at humihingi siya ng dagdag na talent fee."

"But… Palitan na lang kaya natin siya?"

"Naipalabas na ang teaser, showing her lip. Kaya pirmahan man niya o hindi ang kontrata, we will have to pay her."

Tumayo si Kelsey. "I'll go talk to my father."

"'Samahan kita? You look pale."

"I'm good. Puyat lang at saka malapit na ang monthly period ko kaya ganito ang pakiramdam ko."

Her father's office was just a block from the Laurenti's building. Sa ibaba niyon ay ang coffeeshop ng mga Laurenti kung saan siya bumibili ng paborito niyang parmesan ensaymada. Guiltily, she maneuvered the car into the parking area. Madalas ay sa mall branches siya bumibili ng parmesan ensaymada at hindi siya nag-aalalang may makakilala sa kanya. Pero dahil nandito siya sa branch na ito, isinuot niya ang sunglasses bago

bumaba ng sasakyan.

Nasa cashier na siya nang may magsalita sa likod niya.

"Charge it to me, Rosie," anang may-ari ng tinig sa cashier.

Lihim siyang napamura kasabay nang paglingon. Damien was standing behind her. Tila bagong paligo ito, basa pa ang buhok na kung paano lang nito sinuklay. Nakabukas ang ilang butones ng polo nito na basta lang isinuksok sa pantalong maong. He looked so casual and yet sexy.

"I didn't know you're a hoarder of our ensaymadas." There was a small smile on his lips while eyeing her basket full of ensaymadas.

"I can pay," sagot niya na muling bumaling sa cashier. Iniabot niya rito ang credit card.

"Sorry, ma'am. We only accept cash today. May problema po ang credit card machine."

Niyuko niya ang wallet at napangiwi nang makitang ilang bills lang ang naroon. Bago pa niya mabilang iyon ay ibinaba na ng lalaki ang wallet niya.

"Charge it to me, Rosie," sabi nito sa mas maawtoridad na tono. Agad sumunod ang cashier.

She sighed in defeat. "Thanks. I'll pay you."

"Bayaran mo ako sa ibang paraan." His voice

was low. Nag-iinit ang mukha, bumaling siya rito. "Dinner?"

She bit her lip. Ipinagpapasalamat niya na hindi agad siya nakapagsalita kung hindi ay mapapahiya na naman siya.

Damien chuckled. Tila nahuhulaan ang masamang interpretasyon niya sa nauna nitong sinabi.

"No, thanks. Ipadadala ko na lang ang bayad bukas sa opisina mo." Kinuha niya ang paperbag ng mga pinamili at tinalikuran ang lalaki.

Hindi na siya nagulat nang sumunod ito sa kanya sa parking lot.

"Will you please stop pestering me?" inis na asik niya rito.

"Napag-isipan mo na ba ang proposition ko?"

"Yes." Umangat ang kilay ng kausap. "And the answer is still 'no.'"

"Why?"

"Because it's crazy. Hindi papayag ang papa at ang kapatid ko."

"May magagawa pa ba sila kung mauna na tayong magpakasal?"

"So gagamitin mo ako para makuha ang merger na gusto mo? That's so considerate," sarkastiko

niyang asik.

"Let's talk about this over dinner. Tonight?"

"No." Binuksan niya ang pinto sasakyan.

"It will be beneficial to all, Kelsey. Kung tutulan man ng pamilya mo sa umpisa, makikita rin nila ang lahat ng advantages." Umiling siya. "The merger will build stronger companies."

"You really are a businessman," malungkot niyang sabi. "Wala kang puso."

"Your father is just as heartless."

"That's why my answer will always be 'no.'" Lumulan na siya sa sasakyan at hindi pinansin ang muling pagtawag nito.

Naabutan niya si Kevin sa opisina ng papa niya. Tila nasa seryosong pag-uusap ang mga ito nang pumasok siya. Saglit siyang nag-alangan nang sabay mapadako sa kanya ang tingin ng mga ito. Natensyon siya kasabay ng muling pagsumpong ng sakit ng ulo.

"I'll just go to the bathroom." Mabilis niyang tinungo ang pribadong banyo ng ama. Doon ay inilabas niya ang mga kinain. Nanghihinang naghilamos siya ng mukha bago muling inayos ang sarili.

Nagulat pa siya nang paglabas ay tila talagang

hinihintay siya ng dalawang lalaki.

"Is everything okay?" tanong ni Kelsey.

"Are you okay?" tanong ng papa niya. "Namumutla ka."

"Yeah, masakit lang ang ulo ko."

Nagkatinginan ang dalawa.

"Did you throw up?"

"Yeah, must have caught some virus or something…" Umayos siya ng upo. "What's up?" Tila napakaseryoso ng mga kaharap.

Tumikhim muna ang kanyang ama. "Are you pregnant?"

"What?"

"You're pregnant," matabang na sambit ni Kevin. "You have all the symptoms. Ganyan din si Lanie noong nagbuntis," tukoy nito sa asawa.

Natawa ang dalaga. "Symptoms? My a*s. You're both crazy. A bad headache, nausea, and throwing up do not always mean pregnancy, guys."

"This is serious, Kelsey."

"And so what if I'm pregnant?" natatawang sagot niya. The look on their faces were comical. "It's 2022."

"Who are you dating? Who's the father?" ang papa niya. Pigil nito ang galit.

"I saw you and Damien at the club. Kissing.

Pinasundan kita sa condo mo and the report shows Damien coming out late at night," akusa naman ng kapatid niya.

"That's invasion of my privacy."

"At kanina, nadaanan kita sa parking ng coffeeshop nila… with Damien."

"So what? Those are just pure coincidences."

"Ang anumang ugnayan sa mga Laurenti ay hindi maaaring coincidence lang." May talim sa tono ng kanyang ama.

"So you're insinuating that Damien and I have a relationship?" Tumango ang dalawa. "And you think I'm pregnant with his child?" Hindi niya napigilang matawa sa kaseryosohan ng mga kaharap.

"Shut up, Kelsey. Walang nakakatawa," singhal ni Kevin.

"So what if I'm pregnant with Damien's child?" lalo niyang pang-iinis sa kapatid. "If I tell you I'm not pregnant, maniniwala ba kayo?" Napailing siya sa reaksyon ng dalawa. "See, mas madali n'yong paniwalaan na buntis ako at si Damien ang ama. That sounds really absurd."

"Because you're Kelsey! That's how you live," seryosong tugon ng ama.

Napailing ang dalaga. Hindi pa rin

siya pinagkakatiwalaan ng kanyang papa. Ipinagpapasalamat niyang hindi agad nabanggit ang sadya niya sa pagpunta roon.

"Thanks. You really are very supportive of me." Tumayo siya at dinampot ang bag.

"Nag-uusap pa tayo," pigil ng ama niya.

"See you in nine months. I'll let you know if it's a boy," she taunted and smiled sweetly.

Lumabas siya at tinungo ang pinagparkan ng sasakyan.

Pabagsak na isinara niya ang pintuan ng kotse. Kung kailan kailangan ay saka niyon ayaw makisama.

"Kagagaling mo lang sa casa!" reklamo niya sa sasakyan. Ibinilin niya ito sa guard bago dinampot ang paperbag niya ng ensaymada at pumuwesto sa gilid ng kalsada upang pumara ng taxi. She was glad she's wearing a blazer over her camisole and slacks. But her high-heeled stilletos were killing her.

Dinukot ni Kelsey ang cellphone mula sa bag at sinubukang kumuha ng taxi mula sa isang app nang mabitawan ang paperbag ng ensaymada.

"Damn," bulong niya na muling ibinalik ang cellphone sa bag at dinampot ang mga tinapay.

Kumunot ang noo ni Damien habang palapit ang sasakyan sa babaeng nakatalungko at namumulot ng ensaymada. He stopped the car abruptly nang makita ang pamilyar na highlights ng buhok nito.

"May I give you a ride?" tanong niya matapos ibaba ang salamin.

Nakasimangot na ito at hindi niya inaasahang pauunlakan nito ang imbitasyon niya.

"Yeah, sure." Binuksan nito ang pinto ng sasakyan, yakap-yakap ang paperbag na may tatak ng coffeeshop nila.

"You look like hell," puna niya. Hindi ito sumagot sa halip ay ibinaling ang tingin sa labas ng sasakyan. "You okay?" Hindi siya sanay na wala itong nakahandang sagot sa kanya.

"Yes." Sandali lang siyang sinulyapan nito. She looked tired. "My father and my brother think that I'm pregnant." She gave a humorless laugh.

He was about to laugh with her when she dropped the bomb.

"Congratulations." Her smile was saccharine. "They think you're the father."